EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2026): 8.752 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 13 | Issue:6 | June 2026 -Peer Reviewed Journal

# WATTPAD BILANG INTERBENSYON SA PAGBASA: MGA PAKINABANG AT HAMON SA MGA MAG-AARAL

**Hanni Vee J. Tupas**
*Master of Arts in Teaching Filipino, Rizal Memorial Colleges Inc.*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra28242
**DOI No: 10.36713/epra28242**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad bilang interbensyon sa pagbasa at matukoy ang mga pakinabang at hamon na nararanasan sa kasalukuyang panahon, partikular na sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa, kawilihan sa pagbasa at pagpili ng angkop na babasahin. Sa pamamagitan ng purposive sampling, napili ang labin-isang (11) mag-aaral mula sa Francisco Bustamante National High School sa Lungsod ng Davao na sumalang sa pinalalim na panayam upang bigyan tugon ang mga katanungan sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng tematikong analisis, nailahad ang mahahalagang kaisipan at tema hinggil sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad bilang bahagi ng kanilang gawaing pampagkatuto sa pagbasa. Napatunayan sa pag-aaral na bagaman nagiging makabuluhan at kawili-wili ang pagbasa sa tulong ng Wattpad, nananatili pa rin ang ilang hamon tulad ng distraksyon, pagpili ng angkop na babasahin at pagpapanatili ng pokus sa pag-unawa. Gayunpaman, naipakikita na ang Wattpad ay maaaring magsilbing mabisang interbensyon sa pagbasa kung gagamitin nang may malinaw na layunin at wastong paggabay. Ipinahihiwatig din na mahalaga ang papel ng mga guro, tagapagsanay, at pamunuan sa pagbibigay-direksiyon sa paggamit ng digital na plataporma, gayundin ang pagiging mapanuri ng mga mag-aaral sa pagpili ng kanilang binabasa. Ang mga natuklasang pag-aaral ay kinakailangang paigtingin ang integrasyon ng mga digital na kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa at patatagin ang mga programang magpapalawak sa kasanayan ng mga guro at mag-aaral, upang higit na mapakinabangan ang positibong ambag ng teknolohiya sa pagkatuto. Bukod dito, mahalaga ring magkaroon ng patuloy na pagsubaybay at ebalwasyon sa paggamit ng mga digital na plataporma upang matiyak ang pagiging mabisa nito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA***: Wattpad, interbensyon, hamon, pakinabang, pagbasa*

## PANIMULA

Sa kabila ng pag-usbong ng iba't ibang digital na plataporma, nananatiling mahalagang suliranin sa edukasyon ang pagpapanatili at pagpapataas ng kawilihan at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Isa sa mga kilalang plataporma ngayon ay ang Wattpad, isang digital na aplikasyon para sa pagbasa at pagsulat ng iba't ibang kuwento. Bukod dito, hindi maikakaila na may malaking impluwensiya ang mga digital na aplikasyon sa paraan ng pag-iisip at pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa. Sa pamamagitan ng platapormang ito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makaranas ng iba't ibang emosyon, pananaw, at karanasan na naipapahayag sa mga kuwento. Nagiging daan ito upang mapalawak ang kanilang imahenasyon at malikhaing pag-iisip. Kaugnay nito, ayon kina Safriyani at Mufidah (2022), na may positibong pananaw ang mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad sa pagbasa at karamihan ay sumasang-ayon sa paggamit nito bilang isang digital na babasahin. Samantala, binigyan-diin nina Pratiwi at Faliyanti (2023), na naging mabisa ang paggamit ng Wattpad sa pagpapataas ng kakayahan ng mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Bilang karagdagan, sa lokal na konteksto ng digital na pagbasa, ipinakikita na ang paggamit ng mga platapormang tulad ng Wattpad ay nakapaloob na sa pang-araw-araw na gawain ng mga mag-aaral at nakaaapekto sa kanilang karanasan sa pagbasa, partikular sa antas ng kawilihan, imahinasyon, at pakikilahok sa mga tekstong binabasa (Pianzola et al., 2020). Sa kabuoan, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang Wattpad ay may positibong ambag sa kawilihan at karanasan sa pagbasa, subalit kinakailangan pa rin ang wastong paggabay upang matiyak ang makabuluhan at angkop na pagkatuto.

### *Layunin ng Pag-aaral*

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga pakinabang at hamon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad sa pagbasa sa mga mag-aaral ng F. Bustamante National High School, Tibungco, Sangay ng Davao City. Mula sa mga karanasang ito, inalam ng mananaliksik kung mahalaga ba ang papel ng paggamit ng Wattpad bilang interbensiyon sa pagbasa at ang pangangailangan ng wastong paggabay ng guro upang matiyak kung makatutulong ba ito sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

### *Mga Katanungan sa Pananaliksik*

1) Ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad bilang bahagi ng kanilang gawaing pampagkatuto sa pagbasa?
2) Ano-ano ang mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad bilang interbensyon sa pagbasa at paano ito nakaapekto sa kanilang pagkatuto?
3) Paano hinarap ng mga mag-aaral ang mga hamon sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip batay sa uri at kalidad ng mga kuwentong binabasa nila sa Wattpad?
4) Ano-anong kuro-kuro ang nabuo mula sa kinalabasan ng pag-aaral ukol sa Wattpad bilang interbensiyon sa pagbasa?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kuwalitatibo, gamit ang metodolohiyang penomenolohikal, layunin ng pag-aaral na siyasatin at unawain ang karanasan ng mga mag-aaral kaugnay sa paggamit ng Wattpad sa pagbasa at matuklasan ang mga hamon at pakinabang nito sa pang-araw-araw na gawain. Bukod dito, ninanais ng pag-aaral na ito na maintindihan ang mga makahulugang karanasan sa mundo na umuusbong ang teknolohiya. Ginamit nito ang malalim na pag-aaral ng maliit na pangkat ng tao upang gabayan at suportahan ang pagbuo ng mga pagpapalagay.

### Mga Kalahok ng Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng labing-isang (11) mag-aaral na nasa ika-siyam na baitang ng Francisco Bustamante National High School, Tibungco Sangay ng Davao City. Tiniyak sa pag-aaral na ito ang mga nalikom na datos ay likas, wasto, at hindi labis na naaapektohan ang pagkiling. Pinili ang mga kalahok at limitado lamang upang maisagawa at maging maaayos ang panayam na magbibigay linaw sa paggamit ng Wattpad bilang interbensyon sa pagbasa.

### Pagkolekta ng Datos

Ginamit ang pinalalim na panayam bilang pangunahing pamamaraan sa paglikom ng datos. Ang mga panayam ay naitala, isinalin sa verbatim, at sinuri gamit ang tematikong pagsusuri (Clarke & Braun, 2013) upang matukoy ang mga umuusbong na tema.

### Pagsusuri ng mga Datos


Sa pagsusuri ng datos, gumamit ang mananaliksik ng tematikong analisis upang makilala at mag-organisa ng mga tema mula sa mga transkripsyon ng panayam. Layunin ng prosesong ito na ilantad ang mga tema at kahulugan sa loob ng mga naratibo na makakatulong sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad.

### Etikal na Pagsasaalang-alang

Ang mga pagsasaalang-alang na ito ay naglalayong protektahan ang mga karapatan ng mga kalahok, pataasin ang bisa ng pananaliksik, at mapanatili ang integridad ng institusyong kinabibilangan nito. Sinunod ang mga prinsipyo ng respetong pangkalahok, benepisyo, at katarungan (Creswell, 2007). Lahat ng kalahok ay lumagda sa isang *informed consent form*, at tiniyak ang pagiging kumpidensyal ng kanilang pagkakakilanlan.

## PAGTALAKAY SA KINALABASAN

***Talangguhitan 1. Mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wattpad bilang Bahagi ng Gawaing***



Ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad bilang bahagi ng gawaing pampagkatuto sa pagbasa ay nagpapakita ng magkahalong positibo at negatibong epekto sa kanilang pagkatuto. Mula sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga mag-aaral, nabuo ang limang pangunahing tema: 1) Pinadaling Pag-unawa at Masayang Pagbasa sa Bisa ng Wattpad, 2) Mabisang Tulay ng Sigla, Sanay, at Suri sa Pagbasa, 3) Mas Pinadaling Pag-unawa Dahil sa Interes at Koneksyon, 4) Pag unlad sa Bilis at Lalim ng Pag-unawa sa Pagbasa, 5) Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Personal na Interpretasyon ng Teksto.

**Pinadaling Pag-unawa at Masayang Pagbasa sa Bisa ng Wattpad**

Sa bahaging ito ay ipinahihiwatig ang mga karanasan at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Wattpad bilang bahagi ng kanilang gawaing pampagkatuto. Bibigyang-pansin din kung paano nakaimpluwensiya ang digital na plataporma ito sa kanilang interes sa pagbabasa, paglinang ng kasanayan sa pag-unawa, at aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga tugon at karanasan, mabibigyang-linaw ang kahalagahan ng Wattpad bilang makabagong kagamitan sa edukasyon lalo na sa larangan ng pagbasa. Ayon sa pag-aaral nina Putra et al. (2024), nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa literal at mapanuring pag-unawa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Wattpad. Gayunpaman, binigyang-diin nina Permatasari et al. (2020), na ang Wattpad bilang bahagi ng malawakang pagbasa ay nagbibigay ng kalayaan sa pagpili ng babasahin, na nagdudulot ng kawilihan at motibasyon. Kaugnay nito, nagiging mas makabuluhan ang proseso ng pagbasa sapagkat naiuugnay ito sa karanasan at kawilihan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, nahuhubog din ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang magsuri habang aktibo silang nakikibahagi sa nilalaman ng kanilang binabasa.

**Mabisang Tulay ng Sigla, Sanay, at Suri sa Pagbasa**

Ang paggamit ng Wattpad bilang interbensiyon sa pagbasa ay maituturing na isang mabisang tulay na nag-uugnay sa sigla, sanay, at suri sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng kuwentong madaling magamit at akma sa kawilihan ng mambabasa, napupukaw ang kanilang sigla o motibasyon na magbasa, lalo na sa mga hindi dating nahihilig sa ganitong gawain. Kasabay nito, unti-unting nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagbasa, tulad ng pag-unawa sa daloy ng kuwento, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagpapabilis ng komprehensyon sa pagbasa. Sa paggamit ng Wattpad, lumilitaw na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral na kung saan nakatutulong sa pagtaas ng kawilihan at motibasyon sa pagbasa. Ayon kina Ganie et.al (2021), ang interaktibong katangian ng plataporma ay nagpapalakas ng mapanuring pag-iisp at pag-aanalisa ng teksto, dahil nagagawa nilang magbigay ng sariling interpretasyon at masusing maunawaan ang mga idea at tema sa binabasa.

**Mas Pinadaling Pag-unawa Dahil sa Interes at Koneksyon**

Kaugnay sa mga ideyang ito makikita na mas nagiging makabuluhan at kawili-wili ang karanasan ng mga kalahok sa pagbasa kapag ang mga kuwento ay may kaugnayan sa tunay na buhay at naglalaman ng mahahalagang aral. Ang kawilihan at pansariling koneksyon ng mga kuwentong nababasa ay nagpapadali sa pag-unawa sa proseo at mensahe ng teksto. Ayon kay Basogul (2021) ang mga kabataan ay nasisiyahang gumugol ng mahabang panahon sa wattpad sa pamamagitan ng kanilang mga telepono at pakiramdam ang kanilang sarili ay libre. Dahil dito, nagiging mas malapit ang kanilang koneksyon sa teksto kaya mas tumitibay ang kanilang interes at pag-unawa. Samantala, binigyan-diin nina Wulandari et al. (2024), ang Wattpad bilang isang digital na plataporma sa pagbabasa ay nakapagpapataas ng motibasyon sa pagbasa, kasanayan sa pag-unawa, at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral dahil sa kalayaang pumili ng mga akdang babasahin at sa pagiging kaakit-akit at nakakaengganyo ng mga kuwento. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang Wattpad ay hindi lamang nagsisilbing libangan kundi isa ring mabisang plataporma na nakapagpapalalim ng interes, pag-unawa, at kritikal na pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa.

**Pag unlad sa Bilis at Lalim ng Pag-unawa sa Pagbasa**


Lumitaw rin bilang isang mahalagang tema ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa bilis at lalim ng pag-unawa sa pagbasa, na nagpapakita ng makabuluhang ambag ng mga makabagong plataporma tulad ng Wattpad sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Ayon kina Sukmawati et.al (2021), ang madalas na paggamit ng Wattpad ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binabasa, bilis ng pagbasa at kakayahang makaunawa ng teksto sa mas malalim na antas.

**Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Personal na Interpretasyon ng Teksto**

Sa pagpapalawak ng mapanuring pag-iisip at pansariling interpretasyon ng teksto, ipinakikita na ang paggamit ng Wattpad sa pagbasa ay nakatutulong sa mga mag-aaral lalo na sa pag-unawa sa kuwento. Mula sa nabasang teksto sa Wattpad, nakabubuo ang mga mag-aaral ng pansariling interpretasyon at magbigay ng sariling pananaw batay sa kanilang karanasan at pag-unawa. Ayon sa pag-aaral nina Pianzola et.al (2020), ang mga interaktibong tampok ng Wattpad gaya ng pagbibigay-komento at pakikipag-ugnayan ng mga mambabasa ay nagpapalalim ng pag-unawa at pakikilahok ng mga sa binabasang teksto. Kaugnay nito, sa pag-aaral nina Rambe at Nel (2013), na binigyang-diin na ang paggamit ng *social media* sa pagkatuto ay nakapagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at kakayahang magsuri ng mga idea sa pamamagitan ng kolaboratibong talakayan.

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2026): 8.752 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 13 | Issue:6 | June 2026 -Peer Reviewed Journal

*Talangguhitan 2. Mga Hamon na Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wattpad bilang Interbensyon sa Pagbasa at Posibleng Epekto sa Pagkatuto*




Ang paglilibang ay likas na bahagi ng pagpapanatili ng balanse, ang kawalan ng disiplina sa paggamit ng Wattpad ay nagsisilbing hamon na dahan-dahang umuubos sa kapasidad ng mag-aaral para sa malalim na pagsusuri. Kaugnay nito, ang hamon ay hindi lamang nakatuon sa oras ng paggamit kundi maging sa pokus at kalidad ng proseso ng pagkatuto. Sa halip na mapalalim ang kanilang kritikal na pag-iisip, may mga pagkakataong napapalitan ito ng mabilis at pampalibang na pagbasa na hindi na nasusuri nang mabuti.

**Mga Pagsubok sa Disiplina at Konsentrasyon sa Pagbasa**

Sa pagbasa may mga pagkakataon na humaharap sa pagsubok ang mga mambabasa, sa puntong ito matutuklasan ang karanasan at saloobin ng mga kalahok. Kinakailangan ang tamang disiplina upang mapanitili ang pokus at konsentrasyon ng mga mag-aaral habang nagbabasa. Nabuo ang tema na tumutukoy sa mga hamong kinakaharap ng mga kalahok. Isa sa mga pangunahing suliranin ang distraksiyon mula sa teknolohiya at kapaligiran, na naglilihis sa kanilang atensyon. Ayon kina Delgado at Salmeron (2020), ang pagbasa sa digital na midyum ay maaaring magresulta sa pagkawala ng konsentrasyon, na nagiging sanhi ng mababaw na pagproseso ng impormasyon. Ang pagbasa gamit ang Wattpad ay nagiging hamon ito sa mga mag-aaral sa pagpapanatili ng tuloy-tuloy na pokus at mas malalim na pag-unawa sa binasa.

**Mapanuring Pagpili at Masusing Pag-unawa ayon sa Interes**

Sa kontekstong mapanuring pagpili at masusing pag-unawa ayon sa interes ay makikita na malaki ang papel ng interes sa pagbasa, nagiging makahulugan at mabisa ang pagbasa kapag ang mga kuwento ay naaayon sa kanilang kagustuhan at karanasan. Dahil dito, mas nagiging mapanuri sila sa pagpili ng mga babasahin at mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Ayon sa pag-aaral nina Permatasari et al. (2025), ang mga kuwentong madaling makaugnay at nakakaengganyo ay nakapagpapataas ng motibasyon at pagnanais ng mga mag-aaral na ipagpatuloy ang pagbabasa. Samantala, pinatunayan naman nina Schwabe et.al (2022), ang mga interaktibong katangian ng digital na teksto ay maaaring makatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pakikilahok ng mga mambabasa sa binabasang teksto.

**Distraksyon na Humahadlang sa Pagkatuto**

Ang temang distraksiyon na humahadlang sa pagkatuto ay tumutukoy sa sitwasyon na kung saan ang kasiyahan at kaaliwan na dulot ng pagbasa, lalo na sa mga kuwentong kawili-wili at may interes ay nagiging sanhi ng pagkawala ng pokus, pagkalimot sa oras, at pagpapabaya sa mga gawaing akademiko, kaya't naaapektuhan ang lalim at layunin ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Froud et al. (2024), ang pagbasa sa digital media ay maaaring magdulot ng mas mababaw na semantikong proseso kumpara sa tradisyunal na pagbasa sa papel, na maaaring makaapekto sa lalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Batay sa sistematikong

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2026): 8.752 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 13 | Issue:6 | June 2026 -Peer Reviewed Journal

pagsusuri nina Martin et al. (2025), ang distraksyon sa paggamit ng digital ay tumutukoy sa pagkaantala ng atensyon ng mag-aaral habang nagsasagawa ng mga gawaing akademiko dahil sa paggamit ng mga kagamitang digital.


**Sagabal sa Malinaw at Masusing Pag-unawa ng Mambabasa at Kalidad ng Pagsulat**

Sa paggamit ng Wattpad sa pagbasa, maraming mag-aaral ang nahihikayat na magbasa dahil sa dami at kasiyahan ng mga kuwento. Ngunit, kapag mababa ang kalidad ng pagsulat tulad ng hindi malinaw na organisasyon o gramatika ay nahihirapan ang mambabasa na maunawaan nang tama ang teksto. Dahil dito, kahit mataas ang kawilihan, nagiging sagabal ang hindi maayos na pagsulat sa malalim at masusing pag-unawa. Sa pananaw nina Kendeou et.al (2021), ang pag-unawa sa pamamagitan ng hinuha ay mahalagang proseso sa pag-unawa ng teksto kung saan ang mambabasa ay bumubuo ng kahulugan lampas sa direktang nakasaad sa binabasa. Dagdag pa rito, natuklasan sa pag-aaral nina Rismayani (2022) na ang mga mambabasa gamit ang Wattpad ay may kaugnayan sa antas ng pagbasa sa pag-unawa, kung saan ang digital na pagbasa ay maaaring gamitin bilang batayan sa pagsukat sa binasang teksto.

**Pagkalito sa Pag-unawa**

Ang pagkalito sa pag-unawa sa binasa ay tumutukoy sa kahirapan ng mambabasa na maunawaan o maiproseso nang malinaw ang nilalaman ng teksto, na nagreresulta sa hindi tiyak, magulo, o hindi kumpletong interpretasyon ng mensahe dahil sa mga salik tulad ng hindi malinaw na pagkakasulat, komplikadong idea, o mahinang organisasyon ng mga impormasyon. Ayon sa UNESCO (2023), isa sa mga pangunahing hamon ng digital na literasi ay ang pagkakalantad ng mga mag-aaral sa mga tekstong *online* na may mababang kalidad. Dahil sa hindi maayos na pagkakasulat at kakulangan sa mapagkakatiwalaang impormasyon ng ilang digital na kagamitan, maaaring magdulot ito ng kalituhan at maling pag-unawa sa mga mambabasa. Ayon sa pag-aaral nina McNamara et.al (2010), ang mga salik tulad ng pagkakaugnay-ugnay ng teksto (*cohesion*), pagiging kumplikado ng sintaks, at kahirapan sa bokabularyo ay tuwirang nakaaapekto sa antas ng kahirapan ng teksto at sa kakayahan ng mambabasa na makabuo ng malinaw na representasyong situasyonal ng binabasa. Sa ganitong pananaw, ang hindi maayos na organisasyon ng mga idea at kakulangan sa lohikal na daloy ng teksto ay maaaring magdulot ng pagbagsak ng pag-unawa sa pagbasa dahil nahahadlangan ang maayos na pagbuo ng mental na representasyon ng impormasyon.

***Talangguhitan 3. Paraan sa Pagharap sa mga Hamon sa Pag-unawa at Kritikal na Pag-iisip Batay sa Uri at Kalidad ng Kuwentong Binasa sa Wattpad***



**Maingat na Pagpili bilang Susi sa mas Malalim na Pag-unawa sa Pagbasa**

Ang maingat na pagpili ng mga tekstong babasahin ay nagsisilbing mahalagang susi sa pagkakaroon ng mas malalim at mas malinaw na pag-unawa sa pagbasa, sapagkat nakatutulong ito upang maiwasan ang kalituhan, mapalakas ang pagproseso ng impormasyon, at mapadali ang pagbuo ng wastong kaisipan mula sa binasang nilalaman. Ayon sa pag-aaral nina Ganie et. al (2021), na ang paggamit ng digital na plataporma tulad ng Wattpad ay may positibong epekto sa pang-unawa. Dagdag pa nina Sari et. al (2025), ang paggamit ng mga piling digital na kuwento ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ipinakikita nito na hindi sapat ang simpleng paggamit ng teknolohiya, sa halip, kinakailangan ang maingat na pagpili ng nilalaman upang maging mabisa ang proseso ng pagbasa.

**Pagtawid sa mga Kuwentong may Aral, Husay at Kabuluhan**

Kaugnay sa temang ito, ang kuwentong nababasa ay hindi lamang para libangan kundi sinisuguro ng mga mag-aaral na makatawid sa mga kuwentong nagbibigay ng aral at may kabuluhan. Sa pagpili ng mga akdang may malinaw na mensahe at maayos na pagkakasulat, nagiging mas makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagbasa at mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa nilalaman. Ayon sa pag-aaral ni Adiningtayas (2020), ang Wattpad ay isa sa pinakamalaking plataporma para sa pagbasa at pagsulat ng mga kuwento. Ang Wattpad ay maaaring gamitin bilang kagamitan na pang-edukasyon para sa pagbasa at pagsulat ng mga kuwento. Samantala, ayon kay Putri (2019), ang Wattpad ay nakapag-uudyok sa mga mag-aaral na magsulat at magbasa ng mga kuwento.

**Pag-uulit at Pagsasaliksik na nagiging Daan sa mas Malalim na Pag-unawa**

Maraming pagkakataon na tumitigil sila upang suriin ang mga bagong salita, inuulit ang pagbabasa ng mga nakakalitong bahagi, o naghahanap ng paliwanag sa internet at sa kanilang mga kaibigan. Ang pag-uulit at pagsasaliksik ay nagiging mahalagang kasangkapan para mas maunawaan nila ang daloy ng kuwento, mapalalim ang kanilang komprehensyon, at mas maiproseso nang malinaw ang mensahe at aral na nais iparating ng kuwento. Ayon sa pag-aaral nina Zhu et.al (2023) na ang pagbasa sa digital na anyo ay nagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsagawa ng pagsusuri tulad ng paghahanap ng kahulugan ng salita at karagdagang impormasyon. Kaugnay nito, ipinakikita sa pag-aaral nina Seban et.al (2025) kaugnay sa pag-uulit ng pagbasa sa digital na plataporma ay nagdudulot ng mas mataas na komprehensyon at mas mababang antas ng kahirapan sa pag-unawa. Ang ganitong kalayaan sa pagsasaliksik ay nagiging daan upang mas malinaw na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa.

**Paghingi ng Suporta at Paggamit ng Digital na Sanggunian at Pagpapalalim ng Pag-unawa**


Sa proseso ng pagbasa, may mga bahagi ng kuwento sa Wattpad na maaaring mahirap intindihin, tulad ng malalim na salita, masalimuot na idea, o di-pamilyar na konteksto. Sa temang ito, maibabahagi ng mga kalahok kung paano hinarap ang mga hamon sa pagbasa gamit ang Wattpad. Sa pamamagitan ng paghingi ng suporta at paggamit ng ibat-ibang sanggunian upang mapapadali nito ang pagpapalalim ng pag-unawa sa binabasa. Sa pag-aaral nina Abdullah at Ismail (2025), ang paggamit ng metakognitibong estratehiya sa *online* na pagbasa, kabilang ang paghingi ng tulong at paggamit ng digital na sanggunian tulad ng diksyunaryo at mga sanggunian na mababasa sa online, ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng komprehensiyon at pagkikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Kaugnay dito ang pag-aaral sa meta-analisis nina Pasqualotto et al. (2025), ang paggamit ng digital na kagamitan at interbensyon ay may positibong epekto sa pagbasa, lalo na kapag ang mga mag-aaral ay aktibong gumagamit ng iba’t ibang sanggunian upang suportahan ang kanilang pag-unawa.

**Masusing Pagpili at Estratehikong Pagbabago ng Paraan ng Pagbasa para sa mas malalim na Pag-unawa**

Sa konteksto ng temang ito, ang pagpili ng mga kuwentong binabasa ay kinakailangan ng masusing pagpili upang matiyak na ito ay may maayos na pagkakasulat, angkop na nilalaman, at madaling maunawaan. Ipinakikita nito na ang pagiging mapili sa babasahin ay nakatutulong upang maging mas makahulugan at organisado ang kanilang karanasan sa pagbabasa. Ayon kina Guthrie at Klauda (2021), nakatutulong ang pagkakaroon ng kawilihan at tamang pagpili ng teksto sa mas malalim na komprehensyon, sapagkat mas nagiging aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral kapag ang binabasa ay naaayon sa kanilang kakayahan at kawilihan. Samantala, binigyan-diin ni Delgado (2018), ang digital na pagbasa ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng atensyon at angkop na estratehiya sa pagbasa upang maiwasan ang mababaw na pag-unawa sa teksto. Bukod dito, mahalaga ang kakayahan ng mga mag-aaral na kritikal na suriin ang mga impormasyong kanilang nakikita sa *online* na plataporma upang matukoy ang pagiging wasto at kapani-paniwala ng mga ito. Sa ganitong paraan, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng nilalaman, habang napapanatili ang kanilang pokus sa kabila ng mga distraksyon sa digital na pagbasa.

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2026): 8.752 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 13 | Issue:6 | June 2026 -Peer Reviewed Journal

*Talangguhitan 4. Mga Kuro-kurong nabuo mula sa Kinalabasan sa Pag-aaral ukol sa Wattpad bilang Interbensyon sa Pagbasa*




Sa bahaging ito nabuo ang iba't ibang kuro-kuro na nagpapakita ng positibo at ilang hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumabas sa kinalabasan ng pag-aaral na ang Wattpad ay epektibong nakapagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa dahil sa mga kuwentong makabago, kaakit-akit, at malapit sa karanasan. Dahil dito, mas nagiging aktibo sila sa pagbasa at nalilinang ang kakayahang umunawa at magsuri ng mga teksto.

**Mabisang Daluyan ng Interes at Pag-unawa na nangangailangan ng Gabay**

Sa konteksto ng paggamit ng Wattpad sa pagbasa ay nagpapakita na ang mga digital na plataporma ay maaaring magsilbing mabisang daluyan upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral at mapalalim ang pag-unawa sa binabasa.

Natuklasan sa isang pag-aaral na bagaman mataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wattpad, ang katangian ng digital na pagbasa tulad ng mabilis na pagpili at pagkahilig sa maiikling teksto ay maaaring makaapekto sa lalim ng kanilang pag-unawa sa mas komplikadong naratibo. Sa kabilang banda, binibigyan-diin ang kahalagahan ng paggabay ng guro upang matiyak na ang mga mag-aaral ay hindi lamang naaaliw kundi tunay na nakauunawa sa binabasa (Delgado et al., 2018). Sa pag-aaral naman ni Coiro (2011), ang digital na pag-unawa sa pagbasa ay naiiba sa tradisyunal na pagbasa dahil ito ay nangangailangan ng mas aktibong partisipasyon ng mambabasa sa pagpili, pagsusuri, at pagsasama-sama ng impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian.

**Midyum na Nagpapabilis sa Pagbasa at Nagpapalawak sa Pag-unawa**

Sa makabagong paraan ng pagbasa, nagiging mas aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto, napapalawak ang kanilang bokabularyo at pag-unawa sa teksto, at nalilinang ang kakayahang kritikal na magsuri ng mga kuwento. Dahil sa madaling pag-unawa sa iba't ibang teksto at kakayahang magbasa anumang oras at lugar, nagiging mas madalas at tuloy-tuloy ang kanilang pagbasa, na higit na nagpapadali sa proseso ng pagkatuto. Ayon sa pag-aaral nina Fadillah Amin (2022), ang Wattpad bilang media ay makabuluhang nagpabuti sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa isang pribadong mataas na paaralan, kung saan nagpakita ng malinaw na pagtaas ang mga marka sa pagsusulit pagkatapos ng dalawang siklo ng pananaliksik sa loob ng klase. Ang Wattpad ay nakapagpapalakas ng gawi sa pagbasa ng kabataan, na nagreresulta sa mas madalas na paglantad sa teksto at mas malawak na pag-unawa sa iba't ibang paksa (Flores et.al) 2024.

**Bukal ang Empatiya, Imahenasyon at mas Masiglang Karanasan sa Pagbasa**

Sa pamamagitan ng iba't ibang kuwento at tauhan, natututo ang mga mag-aaral na unawain ang damdamin at perspektibo ng iba, habang napapasigla rin ang kanilang malikhaing pag-iisip. Sa kontekstong ito, naipahihiwatig na nagiging mas buhay, mas personal, at mas masigla ang karanasan sa pagbasa, kaya higit na napalalalim ang pag-unawa ng mambabasa sa teksto at nagkakaroon ng mas makabuluhang ugnayan sa binabasa. Ang pakikipag-ugnayan sa mga manunulat at kapwa mambabasa ay nagiging inspirasyon

upang magpatuloy sa pagbabasa at paghubog ng kanilang pag-unawa, na para bang sila ay bahagi ng isang buhay na komunidad ng panitikan na patuloy na nagbabahaginan ng idea at damdamin. Nakaangkla naman ang mga pahayag na ito sa pag-aaral nina Mar at Oatley (2020), na ang pagbasa ng mga naratibong teksto ay may positibong epekto sa paglinang ng empatiya, dahil nailalagay ng mga mambabasa ang kanilang sarili sa sitwasyon ng mga tauhan. Samantala, natuklasan sa pag-aaral nina Azzahra et. al (2024), na ang Wattpad ay nakatutulong sa pagpapalawak ng imahinasyon ng mga mag-aaral dahil sa iba't ibang genre at malikhaing kuwento na kanilang nababasa. Ang interaktibong katangian ng mga digital na plataporma ay nagdudulot ng mas masiglang karanasan sa pagbasa.

**Makabagong Kagamitan sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Pagbasa**

Sa patuloy na pag-usbong ng makabagong teknolohiya, patuloy na nagbabago ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng pagbasa. Hindi na lamang nakatuon ang mga mag-aaral sa tradisyunal na aklat, kundi nawiwili sa digital na plataporma tulad ng Wattpad, elektronikong aklat, at iba pang babasahin. Makikita na ang paggamit ng Wattpad ay nagsisilbing makabuluhang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Batay sa mga pahayag, hindi lamang ito nagsisilbing anyo ng libangan kundi nagiging daan din upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng masusing pagtalakay sa tema, aral, at mga tauhan, higit na nahuhubog ang mas malalim na pag-unawa at pagninilay sa binabasang teksto. Ayon kay Chen (2022), ang digital na pagbasa ay nahuhubog sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya at mga estratehiya sa pagtuturo. Binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga digital na kagamitan bilang suporta sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Dagdagan pa nina (Li at Wang 2022), ang paggamit ng ICT ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng literasi sa pagbasa at kasanayang metakognitibo ng mga mag-aaral, kaya maituturing itong mahalagang makabagong kagamitan sa pagkatuto ng pagbasa.

**Kakulangan sa Kalidad at Distraksiyon na nagiging Hadlang sa Masusing Pag-unawa sa Wattpad**

Ang kakulangan sa kalidad ng ilang akdang mababasa sa Wattpad at ang iba't ibang distraksyong kaakibat ng paggamit nito ay nagiging hadlang sa masusing pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa. Dahil sa hindi palaging dumaraan sa pormal na *editing* ang mga teksto, may mga pagkakataong nagkakaroon ng kalituhan sa gramatika, daloy ng idea, at nilalaman, na nakaaapekto sa malinaw na pag-unawa. Bukod dito, ang mga notipikasyon, interaksyon ng mga mambabasa, at iba pang elementong digital ay maaaring makabawas sa pokus ng mga mag-aaral habang nagbabasa. Sa ganitong kalagayan, nagiging hamon ang pagpapanatili ng konsentrasyon at kritikal na pagsusuri sa teksto, na mahalaga sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ayon kay Baron (2021), ang paraan ng pagbasa ay patuloy na nagbabago dahil sa pag-unlad ng teknolohiya. Bagaman itinuturing na mas mabilis at mas madaling ma-*access* ang digital na pagbasa, kaakibat nito ang ilang hamon tulad ng distraksyon, mababaw na pag-unawa sa teksto, at posibleng pagbaba ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mambabasa. Sa kabila nito, binibigyang-diin niya na hindi dapat isantabi ang digital na pagbasa, kundi sa halip ay gamitin ito nang may angkop na estratehiya at wastong gabay upang mapanatili at mapaunlad ang mas malalim na pag-unawa sa binabasa.Samantala, natuklasan naman nina Lepp et al. (2015) na ang madalas na paggamit ng *cellphone* at ang presensya ng mga abiso (*notifications*) ay nagdudulot ng pagkaantala sa pokus at atensyon at may negatibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na bagaman mahalaga ang paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto, kinakailangan pa rin ang wastong pamamahala at disiplina upang maiwasan ang mga distraksyon at mapanatili ang masusing pag-unawa sa binabasa.

**MGA IMPLIKASYON**

1) Mahalagang isama ng mga guro ang Wattpad bilang pandagdag na kagamitang panturo sa pagbasa, ngunit kinakailangang may malinaw na layunin, gabay, at pamantayan sa pagpili ng babasahin upang matiyak ang kalidad ng pagkatuto.

2) Ang paggamit ng Wattpad ng mga mag-aaral ay maaaring magpalakas ng interes at kasanayan sa pagbasa, subalit kailangan ding malinang ang disiplina, oras na pamamahala, at mapanuring pag-iisip upang maiwasan ang distraksiyon at mababaw na pag-unawa.
3) Iminumungkahi na maaaring isama ang mga digital na plataporma tulad ng Wattpad sa kurikulum bilang bahagi ng makabagong estratehiya sa pagbasa, kasabay ng pagbuo ng mga patakaran at gabay upang matiyak ang angkop at dekalidad na paggamit nito.
4) Sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng digital na plataporma ay mapapalakas ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa, lalo na sa pagsusuri at pagpili ng mga mapagkakatiwalaang babasahin sa Wattpad.
5) Ang pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral hinggil sa pangmatagalang epekto ng Wattpad sa akademikong pagganap at kung paano ito maisasama nang mas sistematiko sa pagtuturo ng pagbasa.

**MGA REKOMENDASYON**

1) Para sa mga guro, inirerekomenda ang paggamit ng Wattpad sa pagbasa bilang suplementaryong kagamitang panturo. Sa pamamagitan ng pagpili ng mga akdang angkop sa antas ng mga mag-aaral at pag-uugnay nito sa mga aralin, nagiging mas interaktibo at makabuluhan ang proseso ng pagbasa. Ang ganitong lapit ay nakatutulong upang mapataas ang motibasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Bilang karagdagan, maaari din itong isama sa mga seminars at sesyons tulad ng LAC (*Learning Action Cell*) kung saan ang mga guro ay karaniwan na nagkakaroon ng kolaboratibong talakayan upang mapabuti ang kanilang pagtuturo kabilang ang pagbuo at paglinang ng mga estratehiya at interbensyon.

2) Para naman sa mga mag-aaral, inirerekomenda ang responsableng paggamit ng Wattpad sa pamamagitan ng maayos na pamamahala ng oras at pagpapanatili ng balanse sa pagitan ng akademikong gawain at libangan. Hinihikayat din ang pagiging

mapanuri sa pagpili ng mga babasahin upang matiyak na ang mga akdang binabasa ay may kalidad at nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman, pag-unawa, at kasanayan sa pagbasa. Ang iminumungkahing gawain ay maaaring magsagawa ang mag-aaral posibleng pagsasanay gamit ang digital na kagamitan.

3) Sa mga administratibo at tagapamahala ng paaralan, kinakailangan ang buong suporta sa mga guro, sa implementasyon at pagbuo ng mga rekomendadong babasahin para sa mga mag-aaral. Maaaring bumuo o magsagawa ng seminars o programa na maiangkla naman sa *Reading Programs* ng paaralan.

4) Sa mga susunod na mananaliksik ang pagpapabuti ng kalidad ng akda sa pamamagitan ng maayos na gramatika, organisadong daloy ng idea, at makabuluhang nilalaman upang maging mabisa ito bilang interbensyon sa pagbasa at maaaring magamit sa iba't ibang uri ng pananaliksik. Binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagtutulungan ng iba't ibang sektor sa edukasyon sa pagpapaunlad ng digital na plataporma, gayundin ang pagsasaalang-alang sa pananaw ng mga mag-aaral upang matiyak na ang mga estratehiya at kagamitang gagamitin ay angkop, makabuluhan, at naaayon sa pagbabago ng panahon.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Abdullah, M., & Ismail, S. (2025). Metacognitive online reading strategies and students' reading comprehension in digital environments. Journal of Educational Computing Research, 63(1), 45–62. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9020026*
2. *Adiningtayas, M. (2020). Wattpad as one of the largest platforms for reading and writing development. In International Journal of Research Studies in Education. https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v12i02/23010_ijrse_final.pdf*
3. *Azzahra, F., Franscy, F., & Subadar, S. (2024). Exploring Wattpad application usage patterns among students in reading narrative texts at SMPN 28 Bekasi. Sintaksis: Publikasi Para Ahli Bahasa dan Sastra Inggris, 2(6), 81–96. https://doi.org/10.61132/sintaksis.v2i6.1158*
4. *Baron, N. S. (2021). How we read now: Strategic choices for print, screen, and audio. Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/oso/9780190084097.001.0001*
5. *Basogul, D. A. (2021). Wattpad in youth literature based on the experiences of Turkish teachers and secondary school students. International Journal of Education and Literacy Studies, 9(1), 124–134. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.9n.1p.124*
6. *Chen, L., & Liu, M. (2022). Digital reading habits and their impact on reading comprehension among students. Journal of Educational Technology Research, 15(2), 45–60.*
7. *Clarke, V., & Barun, V. (2013). Successful qualitative research: A practical guide for beginners. The Research Gate.*
8. *Coiro, J. (2021). The role of strategies in online reading comprehension. Reading Research Quarterly, 56(S1), S123–S142. https://doi.org/10.1002/rrq.317*
9. *Creswell, J. W. (2007). Five qualitative approaches to inquiry. Sage Publications.*
10. *Delgado, P., Vargas, C., Ackerman, R., & Salmerón, L. (2018). Don't throw away your printed books: A meta-analysis on the effects of reading media on reading comprehension. Educational Research Review, 25, 23–38. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2018.09.003*
11. *Delgado, P., & Salmeron, L. (2020). The inattentive on-screen reading: Reading comprehension and digital reading behavior. Journal of Research in Reading, 43(4), 558–575. https://doi.org/10.1111/1467-9817.12304*
12. *Fadillah, S., & Amin, T. S. (2022). Improving students' reading comprehension achievement through Wattpad media of eleventh grade at SMA Swasta Bandung. Cybernetics: Journal Educational Research and Social Studies. https://doi.org/10.51178/cjerss.v3i1.365*
13. *Flores, M., et al. (2024). Personal relevance and reading motivation in digital narratives. International Journal of Literacy Studies. https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S2530380524000091*
14. *Froud, K., Levinson, L., Maddox, C., & Smith, P. (2024). Middle-schoolers' reading and lexical-semantic processing depth in response to digital and print media: An N400 study. PLOS ONE, 19(5), e0290807. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0290807*
15. *Ganie, R., Deliana, D., & Rangkuti, R. (2021). Students' attitude toward the use of Wattpad in reading comprehension. Journal of English Education, 9(2), 78-85. https://www.researchgate.net/publication/357397022.*
16. *Guthrie, J. T., & Klauda, S. L. (2021). Engagement and motivation in reading comprehension development. Reading Research Quarterly. https://doi.org/10.1002/rrq.035*
17. *Kendeou, P., van den Broek, P., & Helder, A. (2021). Reading comprehension and inference making.*
18. *Lepp, A., Barkley, J. E., & Karpinski, A. C. (2015). The relationship between cell phone use and academic performance in a sample of U.S. college students. SAGE Open, 5(1). https://doi.org/10.1177/2158244015573169*
19. *Li, M., & Wang, M. (2022). Examining the relationship of information and communication technologies use and reading literacy: A moderated-mediation analysis of metacognition across information and communication technologies use intensity. Frontiers in Psychology, 13, 916497. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.916497*
20. *Mar, R. A., & Oatley, K. (2020). The function of fiction is the abstraction and simulation of social experience. https://www.researchgate.net/publication/342926878_How_stories_influence_the_self_Antecedents_processes_and_consequences/fulltext/5f0e0fd3299bf1e548b485e0/How-stories-influence-the-self-Antecedents-processes-and-consequences.pdf*
21. *Martin, F., Long, S., Haywood, K., & Xie, K. (2025). Digital distractions in education: A systematic review of research on causes, consequences, and prevention strategies. Educational Technology Research and Development, 73, 3423–3451. https://doi.org/10.1007/s11423-025-10550-6*
22. *McNamara, D. S., Louwerse, M. M., McCarthy, P. M., & Graesser, A. C. (2010). Coh-Metrix: Capturing linguistic features of cohesion. Discourse Processes, 47(4), 292–330. https://doi.org/10.1080/01638530902959943*
23. *Pasqualotto, A., Rossi, S., & Bianchi, F. (2025). Digital tools and reading comprehension: A meta-analysis of intervention studies. Educational Research Review, 44, 100620. https://surli.cc/mutrnp*
24. *Permatasari, I., Wijayanto, A. & Kristina, D. (2020). Extensive Reading on Wattpad and Its Benefits to Students' English Skills: Students' Perceptions. ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 3(4), 518-530.*
25. *https://doi.org/10.34050/elsjish.v3i4.11714*

26. *Permatasari, I., Wijayanto, A. & Kristina, D. (2020). Extensive Reading on Wattpad and Its Benefits to Students' English Skills: Students' Perceptions. ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 3(4), 518-530.*
27. *https://doi.org/10.34050/elsjish.v3i4.11714*
28. *Permatasari, I., Wijayanto, A., & Kristina, D. (2025). Utilizing Wattpad as an extensive reading tool to enhance students' English literacy skills. Journal of Language and Literacy Studies, 7(1), 45–58. https://surli.cc/hwxtla*
29. *Pianzola, F., Rebora, S., & Lauer, G. (2020). Wattpad as a resource for literary studies: Quantitative and qualitative examples of the importance of digital social reading and readers' comments in the margins. PLOS ONE, 15(1), e0226708. https://journals.plos.org/plosone/article?id=10.1371/journal.pone.0226708*
30. *Pratiwi, D. R., & Faliyanti, E. (2023). The effect of using short stories through Wattpad on reading comprehension at the tenth science of MAN 1 Metro. Journal of English Pedagogy, 3(2). https://doi.org/10.24127/jeep.v3i2.5026*
31. *Putra, G. Y., Ul Haq, M. Z., & Hafid, H. (2024). The use of Wattpad to*
32. *increase students' reading comprehension skills. Journal of Computer Interaction in Education, 7(2), 1–12. https://www.researchgate.net/publication/387846530_THE_USE_OF_WATTPAD_TO_INCREASE_STUDENTS_READING_SKILL_AT_FIRST_GRADE_STUDENTS_OF_SMPN_2_SUNGGUMINASA*
33. *Putri, R. A. (2019). Pemanfaatan aplikasi Wattpad dalam memotivasi siswa untuk menulis cerita. Jurnal Interaksi: Jurnal Ilmu Komunikasi, 3(1), 58–65. https://doi.org/10.30596/interaksi.v3i1.2697*
34. *Rambe, P., & Nel, P. (2013). Technological utopia, dystopia and ambivalence: Teaching with social media in higher education. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2013.02.015*
35. *Rismayani. (2022). Item analysis of reading comprehension test of Wattpad readers and writers community. Journal of Literature Language and Academic Studies, 1(01). https://doi.org/10.56855/jllans.v1i01.142*
36. *Safriyani, R., & Mufidah, R. (2022). Students' attitude towards Wattpad as an online reading platform: Is it favorable or not? New Language Dimensions, 3(2), 110–118. https://doi.org/10.26740/nld.v3n2.p110-118*
37. *Sari, Y. P., & Haryanto, H. (2025). The student's perception of the use of Wattpad in reading mastery through story for eleventh students at MA Matholibul Huda Mlonggo in academic year 2023. JELL (Journal of English Language and Literature), 10(1). https://doi.org/10.37110/jell.v10i01.276*
38. *Schwabe, A., Lind, F., Kosch, L., & Boomgaarden, H. G. (2022). No Negative Effects of Reading on Screen on Comprehension of Narrative Texts Compared to Print: A Meta-analysis. Media Psychology, 25(6), 779–796. https://doi.org/10.1080/15213269.2022.2070216*
39. *Seban, P., Urban, K., & Sikl, R. (2025) Comparing the effectiveness of multiple text reading and rereading on knowledge retention and metacognitive accuracy. https://doi.org/10.1007/s11251-024-09686-4*
40. *Sukmawati, S., Rahmawati, F., & Hidayat, R. (2021). The effect of digital reading platforms on students' reading comprehension and literacy development. Journal of Educational Research and Practice, 11(2), 45–58. https://l1nq.com/xj3gxzd*
41. *UNESCO. (2023). Global Education Monitoring Report 2023: Technology in Education. Paris, France: UNESCO Publishing.*
42. *Wulandari, I. N., Apriliaswati, R., & Sri Rezeki, Y. (2024). Strategies in reading English web-novels on Wattpad. Eternal: English Teaching Journal, 15(1), 51–68. https://doi.org/10.26877/eternal.v15i1.336*
43. *Zhu, X., Chen, G., & Liu, Y. (2023). Digital reading and students' comprehension development: Enhancing analytical and vocabulary skills. Computers & Education, 200, 104820. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2023.104820*